

TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)



MGA KAUGALIAN SA PAGKAIN AT PAG-INOM

آداب الطعام و الشراب

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

Sarhaan.com – MahadSunnah.com

Youtube.com/@MahadSunnah

بسم الله الرحمن الرحيم

Ating makikita na lahat ay kumakain at umiinom, subalit ilan lang ang nakakaalam ng tamang pag-uugali tuwing kumakain at umiinom.

Ang unang tamang pag-uugali sa pagkain at inumin ay dapat na ating masiguro na ang pagkain na ating kakainin ay Halal o hindi ito ipinagbabawal na kainin, katulad ng baboy at alak. At hindi ito nakuha sa maling pamamaraan, katulad ng pagkain na galing sa nakaw.

Sinabi ng Allah سبحانه وتعالى sa Qur'an:

“O sangkatauhan, kayo ay kumain mula sa pagkain na pinahihintulutan at mabuti para sa inyo na naririto sa lupa; at huwag sundan ang mga yapak ni Satanas, tunay na sya ay hayag na kalaban para sa inyo”.

Nabibilang rin sa tamang kaugalian ay ang hindi pagkain at pag-inom gamit ang mga ginto o pilak na lagayan. Sa hadith ng Propeta Muhammad ﷺ :

“Huwag uminom o kumain gamit ang lalagyan na gawa sa ginto at pilak, dahil ito ay para sa mga hindi mananampalataya dito sa mundong ito, at ang para naman sa mga mananampalataya ay matatagpuan sa kabilang buhay”.

Papasok dito ang lahat ng kagamitan sa pagkain at pag-inom, katulad ng: plato, kaldero, baso, kutsara, tinidor, at kutsilyo.

Ang tamang ugali kapag tayo ay magsisimula nang kumain ay ang mga sumusunod:

- ang pagsambit ng “Bismillah” (sa ngalan ng Allah),
- ang pagkain gamit ang kanang kamay,
- at ang kumain kung saan lang nakalagay sa malapit sa atin.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ sa isang bata:

“Sambitin ang pangalan ng Allah, kumain gamit ang iyong kanang kamay, at kumuha ng pagkain sa kung saan ang malapit sa iyo”.

Dahil ang pagkain sa gilid ng kainan ay mabiyaya, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ :

“Ang biyaya ay bumababa sa gitna o sentro ng pagkain, kaya kayo ay magsinulang kumain mula sa gilid, at huwag sa gitna.

At mali na kumain habang nakahiga, huminga sa loob ng baso habang imiinom, at mali ang ihipan ang pagkain dahil ito ay mainit, at uminom habang nakaupo.

Habang ang tamang pag-uugali tuwing tayo ay mag-aabot ng tubig sa grupo ng tao: ay dapat magsimula sa kanan, at mahuhuling iinom ang taga-abot nito.

Ang pagkain ng may kasama o grupo ay mas mainam sa pagkain ng mag-isa, at parehas itong pinahihintulutan sa Islam.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “Kayo ay magsama-sama sa inyong hapagkainan, at pagkatapos ay sambitin ang pangalan ng Allah, upang kayo ay pagpalain sa inyong pagkain; at puruhin/pasalamatan ang Allah

سبحانه وتعالى pagkatapos ninyong kumain”.

Dahil sa tuwing natatapos kumain ang Propeta Muhammad ﷺ kanyang sinabi:

“Alhamdulillah hamdan kathiran tayyiban mubarakan feeh, ghayra makfiyin, wa laa muwadda’in, wa laa mustaghnaa anhu rabbanaa”.

Magpursige na maisagawa ang mga tamang pag-uugali sa hapagkainan, dahil ito ay tanda ng pasasalamat sa Allah ﷻ , sinabi ng Allah ﷻ sa Qur’an:

“O kayong mananampalataya, kumain mula sa mga malilinis na pagkain na galling sa Aming biyaya, at kayo ay magpasalamat kung kayo ay tunay na sumasamba”.

والله تعالى أعلم...